# *PLANTING THE SEEDS OF SOLIDARITY IN A LANDSCAPE OF TENSIONS* |

# PALITAN NG PANANAW AT PAKIKIISA SA PAGITAN NG KATUTUBO AT MGA ANTROPOLOGO

***Ano ang mga problema na hinaharap ng mga katutubo? Anong mga hakbang ang isinasagawa? Ano po ba dapat ang papel ng mga antropologo? Nakakatulong po ba ang mga antropologo sa mga katutubo? Ano ang mapagkakaisahan sa pagitan ng katutubo at antropologo?***

## PAMBUNGAD AT PAGBUBUKAS

**Eizel Hilario | Tagapagpadaloy | :**

Kung minsan may nagbabato ng tanong tungkol sa kung "Ano ba ang posisyon ng UGAT?" O, "Dapat bang magkaroon ng posisyon ang UGAT?" Upang mapag-usapan ito, magkakaroon po tayo ng *dialogue* sa pamamagitan ng '*Pagtulang'* (isang konsepto galing sa mga Higaonon) o pakikipag-usap sa pagitan ng UGAT at ng mga katutubo. Sa panig ng mga katutubo, magsasalita at magkukuwento po sila tungkol sa mga isyu sa kanilang mga komunidad, at kung ano ang mga hakbang na ginagawa nila. Kung meron mang pumupunta na antropologo, sa tingin po nila, ano po ba yung papel ng mga *anthropologist*? Nakakatulong po ba ang mga antropologo sa kanila? Inaasahan ang '*solidarity*', o pagkakaisa, na maaaaring mangyari.

**Dr. Erlinda Burton | Tagapagtipon | :**

*In the Cordillera, among the Tingguian where I come from, they have the* 'dap-ay' *where they talk and discuss problems in the community and also try to*

*negotiate or to respond to the needs of the community.*[*] *Later on, it evolved into the governance system in our areas, especially in Tubong, Abra. Here in Mindanao, a Higaonon student told me that they have the same thing— a 'gathering of people'. The place of the gathering is the kitchen. In the middle of the house there is a hearth. You would cook the food there and while they're cooking, the elders will be around and they will be discussing, talking about problems, cases they have to solve and so on. The* Tulang *is also a time when they invite children, and the elders would be telling them stories of the culture heroes in the community, and teaching them different practices that right now are actually fading away; for example, 'How do you make an arrow?' 'You take this and you do this…' And the following day the children will be making their own. This is a way of education and transmitting culture.*

*In the context of our conference which is 'the Struggle for Rights', we are gathering together here – let's say this is the hearth – and we have the children here [audience]. And many of you have done fieldwork, are actually studying, or perhaps have projects in their communities. So, let's turn to the other side of the coin, now we also ask the natives, the indigenous people here, what do they think about anthropologists? And this is really a* Pagtulang, *this is how different minds gather to be able to come up with a certain level of understanding, especially in regard to rights of people.*

## PAHAYAG NG MGA KATUTUBO

**Roman King | Chairman, Porac Ayta Ancestral Domain Federation Inc.:** Ako po'y nagpapasalamat sa bumubuo po nitong UGAT at sa pamunuan po nitong ating unibersidad na pinagdadausan [nito]. Una, ako po ay isang pangulo ng isang organisasyon sa Porac, Pampanga na tinatawag na *Porac Ayta Ancestral Domain Federation Inc*. At sa naging karanasan ko po, gusto ko pong i-*share* sa inyo. Noong nalaman ko po yung pagpunta po dito at nung sabihin sakin "*Magsasalita ka*", inisip ko para akong bata na magsusumbong sa mga kapatid ko! Kasi po, hindi po ako nasanay. *Although,* sabihin nating 'mahangin', o may kayabangan po ako talaga sa pamumuno. Sabi ko sa mga tao ko, "*kailangan niyo maging mayabang. Kasi kung hindi kayo mayabang, hindi niyo maipapakita kung ano ang nararamdaman ninyo sa mga taong kaharap niyo.*" Kasi ano ang maipapakita ng taong *humble* kung nakaganon ka lang, para kang bumubuo ng isang dinamita sa katawan mo na pag nagkamali, ikaw mismo ang sasabog. Para sa akin, kailangan maging mayabang. At ang 'kayabangan' kong

[*] Cf. Jose Jowel Canuday, 'Conversations on the current and future state of circulation of anthropological knowledge in the Philippines', *Aghamtao* 26:13-22. (2018).

ito ang naging dahilan kung bakit kamuntik ko na po kayong hindi makita. (Bagamat hindi po ako nakapag-aral ako po ay Grade 4 lamang, pero pinagyayabang ko na po yun na nakapag-aral ako. Kasi ang tatay ko hindi nakapag-aral eh. *At least* nag-aral po ako. Nag-aral po ako. 'Yun po ang aking pwedeng ipagyabang. Nag-aral po ako at naka-apat na taon— naka- apat na taon at kalahati! Bakit po? Kasi pumasok po akong Grade 5, hindi ko natapos. Kaya karangalan para sa akin!)

Sa pamumuno ko, para akong isang magulang na nakikita ko po ang problema ng aming komunidad. Pero hindi po yung ancestral domain mismo yung may problema, kundi yung pamunuan ng mga katutubong kagaya ko sa amin. Hindi ko po makakaila, saan mang sulok ng ating bansa na may mga lehitimong katutubong namumuno, mayroon pong mga '*leader*' na tinatawag na nagiging "*dealer*". Ang iba po, dahil sa hirap ng buhay, nakasanayang bigla ka na lang magkakaron ng isang kaibigan na darating kinabukasan maagang-maaga sayo, may dalang karne, may dalang tsokolate, masasarap na tinapay, mamahaling bigas, at may damit na medyo magara, at ireregalo ito sayo. Bibilhan ka ng sapatos pag inilabas ka, mamahalin pa. Yung hindi mo kayang abutin ni sa panaginip, bigla ka nagkaron.

***Hindi po yung ancestral domain yung may problema, kundi yung pamunuan ng mga katutubo. Hindi ko po makakaila, saan mang sulok ng ating bansa na may mga lehitimong katutubong namumuno, mayroon pong mga 'lider' na tinatawag na nagiging "dealer"***

Minsan kong sinabi sa isang kaibigan ko, sa isang kakilala ko na kalahi din na lider, sabi niya sa akin "*Alam mo kuya, yung taong yan, malaking utang na loob ko sa kanya.*" Bakit, ilang taon na kayong magkakilala? "*Pitong taon.*" Pitong taon? "*Kaya itataya ko ang buhay ko para sa kanya.*" Sabi ko sa kanya: *Ako 48 years old na, hindi mo kayang maitaya yung buhay mo para sa akin. Pero sa pitong taon mo lang nakita, marami ka nang nakilala tungkol sa kaniya?* Ang suliranin at una kong naging katunggali po sa amin, ang mga kapwa ko pa na mga katutubo. Patuloy ko po silang hinimok – ang mga kapwang maliliit na katutubo sa alinmang sulok ng gubat sa amin – na aralin at suriin ang mga pinuno ng katutubo na nagiging problema, nagdadala ng problema sa atin, hindi ang mga dumadayo ang una kong tinitingnan— ang mga lider ang malabo nang lumabas ang batas ng IPRA [*Indigenous Peoples' Rights Act of 1997]*...

Ang mga katutubo po na lider, nagse-'*certify*' po sila sa mga ancestral domain na binibili ng mga taga-labas. Una ko po itong kinatalo. Ang mga

katutubo na lider, na masasabi kong sindikato, kinukupkop nila yung mga … matatalinong ka-tribu natin na gumawa ng tanso, na ginagawang purong ginto. Kinatalo ko po sila hanggang humantong na sila sa panghoholdap, pagpatay. Tinugis ko po sila… Ang sabi nila, "*kaya namamatay yung mga katutubo, pinapapapatay niya." "Siya lang ang nasusunod." "Balak niya magtayo ng sariling pamahalaan!*" Hindi po 'yan ang motibo ko. Ang gusto ko lang po sana magkaroon ng matuwid na pamumuno at matuwid na mga lider! Kasi po, kung ang mga lider ay matuwid, hindi po gaano problema yung mga pumapasok na dayuhan. Pero gayunpaman maintindihan ko rin sila. May kasabihan po kasi, (hindi ko alam kung may Kapampangan dito. Meron po bang Kapampangan dito? Wala? Kung wala po, sasabihin ko po sa wikang Tagalog): "*Huwag mo akong kausapin. Baluktot yung katuwiran ko 'pag gutom ako.*"

Noong una hindi ko pinansin yung mga sinasabi ng mga malalapit namin na mga kasamahan. "*Boss, haching ka muna." Bakit? "May mga militar na nagkalat. Hinahanap ka. May mga pulis. Hinahanap ka. Lalapit 'yon.*" Hmm! … Aba! Ako daw po ay *nagdala ng isang armored car na puno ng mga armas na malalakas*. Gulat po ako. Sabi ko, *siguro akala nila foreigner ako dahil "King."* Pero ang nakalimutan nila, katutubo ako. Ayta ako! Saan ako kukuha? Natapos po, umusad. *Tatlo pong milyon, nagkaroon daw po ako*! Pera daw po ng mga katutubo pag itinakbo ko. Gusto po nila patumbahin yung prinsipyo ko! Hanggang umabot po sa anak ko, *kaya daw po nakapag-aral at nakatapos sa UP, dahil sa pera po na tatlong milyon*. Akala nila, binabayaran ang UP! Nanawagan ako, at sa biyaya ng Panginoon po yung mga lider na malalapit pa at matutuwid, sabi nila sa akin, "*manatili ka muna sa ating lupaing ninuno.*" Ako po ay naging *security guard* sa loob ng limang buwan dahil sa paghahangad kong maituwid ang pamumuno ng mas maayos ng aming lupaing ninuno. Hindi ko masabi kung ni-*wanted* po talaga ako eh… Sabi po mismo ang kapatid ko (*Barangay Captain* po, *elected officer* po yung kapatid ko), sabi sa kaniya ng hepe namin, "*pinatutumba na yung kuya mo.*" Dalawang beses niya sinabi. Nung hindi po ako makita, binaril po kapatid ko, yung *Barangay Captain*. Pero napakabuti ng Diyos, hindi po siya namatay. Dito po sa leeg na ito, dumaan po dito yung bala, tumagos dito sa ibaba ng tainga. Buhay po siya, sa biyaya ng Panginoon. Masakit po iyon, binaril siya. *After one week* na nasa ospital yung kapatid ko, namatay ang ate ko! (Parang gusto talaga akong palutangin ni Satanas eh...) Sa pinakamalaking isyu na sa paghangad mo, kailangan mo magbuhos ng dugo. Pero inisip ko kung yayari ako, lahat ng kasinungalingan na gawa-gawa kwento laban sa akin, magiging totoo, magiging totoo po iyon kahit hindi totoo. Kasi pag pumatay na ako, totoo pala! Na armado nga ako.

Nagtago po ako. (Mas malaki po yung tiyan ko, pero sa tulong po ng isyu sa akin, lumiit ako. Sana po yung mga matataba po, mag-'*wanted'* din kayo, para

madali lumiit [ang tiyan]!) Pero gusto ko pong ibalita sa inyo na sa loob ng limang buwan, maraming nagtanong sa akin. Hanggang umabot po ako na tawagan ko si Ma'am 'Chim' [Zayas]. Sabi ko, *Ma'am, medyo, parang hindi ko gaano kaya yung problema dito. Ano bang kaya natin gawin diyan?* Malaki po ang naging tulong nila Ma'am Chim, bigla po yung kalaki-laking isyu para po siyang lobo na binutasan ng maliit na karayom. Nagtanggihan po yung mga militar. "*Ay, hindi si King ang hinahanap namin! Hindi! Ibang tao!*" Batid ko, na darating ang araw, lalabas ang katotohanan, malalaman na wala akong ginawang masama. Naghangad lamang ako ng isang mapayapang pamumuno.

Mga kapatid, tungkol po sa pamamahala, minsan akala natin, ay puro saya. Sa mga katutubong namumuno, lubha po akong nalulungkot, hindi po kasi kagaya tayo ng mga barangay captain na *elected officer* na may *honoraria*. '*Volunteer*' po ang mga ninuno sa mga katutubo at hindi tulad sa mga tao na sumasahod sa pamahalaan. Mabigat po ang krus na pinapasan natin. Magka-gayunman, isipin pa rin natin na itinataguyod po natin ito dahil ito ay atin, hindi ito pag-aari ng iba! Yun po ang nakita ko. Kung anumang hirap at sakripisyo na dinaranas ko ay kailangan itong mapagtagumpayan ko, pagtiisan ko, dahil hindi naman po iba ang mag-be*benefit* dito, kung hindi ang mga maiiwan na lahi ko sa mga darating pang panahon.

Ako'y nagpapasalamat, uulitin ko po! Na sa tulong po ng mga nagdaos ng mga tesis sa amin, mga estudyante nina Ma'am, naging bahagi po sila sa biglang paghupa ng isyu tungkol sa akin. Sa tulong po ng grupong ito, may isang 'King' na lumabas, na nakapagtapos sa UP. Karangalan po ng mga katutubo at pinasasalamatan namin ang mga anthropologo na kagaya po nila. Na hindi lamang… tagapag-tala o taga-linang ng tunay na buhay nung komunidad. Hindi lang sinasabi yung salitang *tulong*, ano? Hindi lang po sinasabi, *gagawin. Hindi lang po isinusulat*, sabi ko po sa isang kapatid nung talagang medyo hindi siya nakumbinsi dahil hirap na hirap kami dahil kung hanapin po kami ng mga militar, halos magdilim yung gubat namin. Sabi niya sa akin, "*hayaan mo matutumba tayo ng walang laban.*" *'Di!* sabi ko, *naniniwala pa rin ako sa batas*… Hindi ito sinulat ng hatinggabi ng walang ilaw. Kaya makikita mo ang libro matuwid ang binabagtas ng sulat at bawat katagang sinasanto.

Ang *totally*, ano po, gusto ko talagang sisihin ay yung *NCIP [National Commission for Indigenous Peoples*]. Pero wala ang taga-*NCIP* dito… pinuntahan ko para tahasan ko pong sabihin sa kanya, na *kahit abogado siya, na nakakahiya siya*! Hindi po ganoon ang inaasahan ko sa isang ahensya na itinalaga ng gobyerno. Sumasama ang [pagkilala ng tao sa] gobyerno dahil sa mga taong namumuno kagaya nila! Sumasama po! Isipin niyo po! Nagpadala kami ng mga resolusyon, sa awa ng Diyos, sa loob ng apat na buwan, wala pa naman sagot! Ganun po ba yung sinasabi nating magagaling at matatalino?!

(Yung NCIP po sa amin, hindi ko po sinasabi pati yung sa inyo!) Kung saan po may *FPIC* [*'Free Prior and Informed Consent'*], laging may pera, lalo na yung *PO* [*people's organization]* namin at ang aming director, kung saan po yung may pera, naroon siya!...

Ako po, ako po ay isang katutubo, deretso lang, naghahangad lang. Yung yabang ko ang magiging dahilan para lang maipaabot ko kung ano yung nararamdaman ng lahat. Alam niyo po ang dapat tumulong sa atin, ahensya ng *NCIP*, dahil sila ang kumakatawan para sa mga katutubo. Pero hindi po eh. Bakit kailangan taga-*UP* pa? Yung iba na hindi taga-ahensya ng gobyerno *pinuntuhan po ako sa bundok!* Pinuntahan po ako, ang sabi, "*kailangan kang bumaba! Wala kang makikita dito puro puno, puro ibon, bumaba ka!! Doon maipapakita mo kung anong totoo!"* Totoo po 'yon, nangyari po 'yon, sa tulong po ng Panginoon at ng mga kapatid na nagpayo. Unang-una po [dinala ako] ni Ma'am Chim sa harap ni Ma'am Kara David [ng telebisyon GMA-7] (matapang yung babaeng 'yon, reporter eh. Gusto ko po 'yon kasi sa totoo po, para sa akin, 'di ako nakikialam sa tapang ng iba eh.) *"Makikita mo ba ang katuwiran mo sa kabundukan? O dito?"* Sabi ko, *oo Ma'am, wala naman makikinig doon sa akin, nandito lahat yung gumagawa ng problema.* Kaya po, 'yon, natapos po. Tinulungan na po ako si Ma'am Chim. Kaya ko po sinasabi na ang mga taga-*anthropology* at mga *social scientist* yung makikita ko kasi po kung hindi dahil sa kanilang pagtetesis, 'di ko sila makikilala. Ang kailangan lang po natin maging bukas, kasi sabi ng marami sa kin, yung marami na katunggali ko, "*mukhang pera yan!*" Si Ma'am Chim hindi ko pa [ni minsan] hiningan ng pera!

...May resort po sa amin [sa loob ng *ancestral domain*] na pinag-aawayan. Ang pagkaalam ko lang po, doon sa pinirmahan sa MoA [*Memorandum of Agreement*], ano mang madadagdag doon, kahit isang *square meter* lang, dapat i-*consensus* ulit. Pero hindi po. Para na po silang umari nang sarili nilang pag-aari.

Ako andito po, at ako'y nagpapasalamat, una sa Diyos, sa lahat po ng tumutulong, at sa inyo rin po. Alam ko pong may kakaiba tayong karanasan sa ating mga lupaing ninuno. *'Wag tayong bibitiw.* Isang *encouragement* lang ito at isang *evaluation* din – *personal evaluation* – i-*evaluate* din natin sarili natin. Baka kaya naman natin dinadanas ito dahil tayo'y may problema. Ako po, lagi ko pong china-*challenge* sarili ko... Sa edad kong ito, hindi pa po ako, nanghingi ng kape sa mga kapwa ko leader, lagi po akong nagdadala, kasi ayoko pong maging pabigat sa kanila. Kaya po, ang gusto ko pong ipakita sa lahat, tangkilikin din po ang mahalagang pag-aaral sa atin, upang sa gayon, maging bahagi rin sila. Malaman nila yung issue, mailahad pati ang sarili nating kultura. Malaman nila kung saan tayo mahina at malakas. At sa punto pong ito, puwede po tayong magtulungan. Yun. Marami pong salamat.

**Luzminda Jubason-Caga | Mamanwa | :**
Magandang gabi sa lahat. Ako po ay si Luzviminda Jubason Caga, galing po sa Surigao del Norte. Hindi po ako lider, pero isa akong secretary sa organisasyon namin dun, kasi may IPO [indigenous people's organization] na kami. Isa rin po akong Internal Secretary sa buong Caraga Region sa Regional IPS. At Mamanwa Cluster Representative sa buong Caraga Region din. Marami pang ibang mga posisyon ko pero more on volunteer po. Nag-umpisa ako nung high school pa 'ko hanggang nag-college, hanggang sa ngayon na mayroon na 'kong dalawa nang anak na malapit nang maggradweyt sa college. Ibig-sabihin, kahit hindi ako lider, marami na akong karanasan.

Alam naman nating lahat na sa Surigao, ang pinakamaraming katutubo dun ay ang Mamanwa. Ang Mamanwa ay ibig-sabihin, '*galing sa banwa*'. Minsan tinatawag kaming "kungking", isang '*monkey*' daw ang ibig-sabihin. Pero magagalit kami pag tatawagin kaming [kungking], kasi kung [kungking] kami, dapat may buntot kami pero wala naman, so <u>tao</u> kami. At ngayong bagong pinaka-latest na update, nalaman namin na merong researcher galing sa Japan na sinasabing kami daw ay "the first people of the Philippines".

Pero ito lang ang masasabi ko, sa dami ng *research* na ginagawa sa Mamanwa, nakakalungkot isipin, sabihin, lalo na sa sarili ko, kasi halos lahat walang *FPIC*. Hindi dumadaan sa amin. Kahit anong sabihin pa nila, hindi-, parang hindi ako kumbinsido dahil bakit sila pumasok sa amin? Bakit kinuha nila yung mga *IKSP* [*Indigenous Knowledge Systems and Practices*] namin, na dapat sana irespeto yung kultura namin. Kung mayroon nang magsabi, dapat kami, kaya sa ngayon, napakalaking problema doon.

May *powerpoint* sana akong i-present, pero wala man tayong ano dito, i-*summarize* ko na lang ang *presentation* ko— "*Problems, Issues, Affecting the Lives of Mamanwa in Surigao del Norte, or within the whole Caraga Region*". Napresent ko na yun sa *1st Mamanwa International Symposium in Surigao*. Kung may nakapunta, meron dun *culture relations*, *ancestral domain issues*, *economic issues*, *educational*… Magsasalita ako sa *ancestral domain*, pero hindi lahat kasi napaka-*controversial*, napaka-*critical*. Dito sa question, "*what is or what are the problems facing your community today*?" Pinakamalaking problema ay tungkol sa *ancestral domain*, na marami nang *mining activity, both illegal and legal…*

Diretso na ako sa *"What steps has the community taken to address the problem?*" Ano daw ang ginagawa namin para mabigyan ng sagot. Dito sa pinakamalaking Certificate of Ancestral Domain Title (CADT) doon sa Surigao del Norte, …gumawa na sila ng CRDP [*Community Royalty Development Plan*] na ginagabayan ng NCIP. Pero yung *ADSDPP* [*Ancestral Domain Sustainable Development and Protection Plan;* plano para sa pang-ekonomiyang pamamahala at pagpapanatili ng kalikasan sa lupang ninuno, nag- umpisa pa

lang. (Yung CRDP ginagawa lang yun kung meron kang *royalty share*, pero yung ADSDPP para sa kabuuan.) So nag-umpisa pa lang. Malaking pasalamat na rin namin kasi parang unti-unti nabigyan ng sagot kung paano ima-*manage* yung *royalty* kasi dati, wala talaga. [Ang *royalty share* ay katumbas ng 1% ng *gross production/output* ng kumpanya, halibmbawa isang minahan, na dapat ibibigay sa pamayanan.] Yung pinakamabigat, di alam ng karamihan, lalo na sa mga lider, kung paano paghati-hatian. Ayan, ang resulta: "*IP killings*". Pinapatay yung mga lider, saka mga *member*. Tapos marami na ring pumasok na iba't ibang mga *private individuals* gustong maki-sawsaw, gustong gumamit, hindi lang *private*, *public*, o mga ahensya ng gobyerno, lahat-lahat. Hindi ko na isa-isahin pa…

Pag puntahan mo, ako nagtuturo, nag-*volunteer* ako, pero sasabihin ko sa inyo walang papel halos ang mga estudyante ko, walang tsinelas, pati kami mayroon nang pitong Mamanwa na nakapagtapos na ng *education*, wala kaming mga *license*. Ako lang ang sa DepEd [*Department of Education*], nag-*volunteer* ng *almost twenty-four years, walang item*. (May *item* pero binawi kasi hindi ako *board passer*.) Pero hindi ako nag-*stop*. Patuloy ako ng patuloy. Pero nakakalungkot, nasan na ba yung "*millions*" namin? Kasi Ma'am, i-*compute* mo, "60-40". Tapos sabi ko sa mga leader, "*wag kayong pipirma. Kasi yung pirma niyo, pag dating ng panahon, babawasan yung royalty ng millions*". Kasi binigyan na nila ng *cellphone*, mga motor, mga *Hilux* [sasakyan]. Ngayon, nasaan na yung binigyan? Nagtatago na. Halos 'di mo na makita.

Dose, labing dalawa, lang ang tribal leaders nang nag-umpisa ako, na parang utusan lang ako ng mga leader. Sa ngayon, *thirty* na, *eighteen* plus *eleven*, Surigao del Norte lang ang inano ko kasi iba rin yung sa Surigao del Sur saka sa Agusan del Norte. Sa amin lang talaga. Eleven sa kabila, eleven din sa amin. Sa dalawang CADT kasi. Yung isa meron nang *title*, yung sa amin wala pa. Sabi ko sa kanila, naho-*hostage* na kami dati, tapos dalawa lang kaming *secretary* na nakipag-usap doon sa pinakamalaking *mining company*... Sabi namin, base doon sa *Philippine Mining Act of 1995*, dapat pinaka-*minimum* yung 1%. Pero yung binigay nila dati, *half million* lang sa buong taon kahit na *billions* yung *gross income* nila. Yung isa rin *secretary* sinabi *parang kayo ang nag-alok na mapag-asawa ng Mamanwa. Kung kami ang babae kung anong gusto naming mangyari, dapat ibigay niyo, kasi kayo ang pumunta sa aming ancestral domain*. Yan lang ang sabi ng isang secretary, pero 'di ko alam na pagdating ng panahon, tinira pala siya. Buti na lang hindi siya namatay. [Dito lang umano yung bala.] Siyempre takot na rin ako, kaya sabi ko, *buti na lang hindi kami nabigyan ng royalty, kasi wala namang mining sa amin. Watershed* lang, na hindi rin nagbigay ng *royalty* sa amin yung *water district* doon hanggang hindi na nag-*negotiate* pa. Kaya yun ang napakasakit na karanasan.

Ang susunod na tanong: "*Have people outside the community assisted the community addressing the problem?*" Yun, meron na CRDP, ADSDPP, tapos meron na din sa LGU nagbigay din yung mga kalahi. Tapos yung NGO [*Non-government organization]*, napakalaking pasalamat namin kasi yung *ancestral domain* namin sa Mamasang… Nag-*start* kami ng pag-*apply* 2004 pa, hanggang ngayon, hindi pa rin tapos. Sinabi lang nila nasunog na yung mga dokumento, nawala na yung *files*! Tapos ako, pinaakyat ako dun sa *central office* ng *NCIP*. "*O Minda sabihin mo ganito ganito*". Sabi ko, *hindi ako ang naggawa ng* work and financial fund. *Ang masasabi ko lang yung talagang nakita ko lang.*

Yung mga ibang *academic* …pag dating sa *research*, walang FPIC. Dalawa lang ang legal doon, yung *biological profiling* galing *sa Caraga State University*, at yung Mamanwa '*Gifts of Season'* ... Pero ewan ko lang sa iba.

*"Will anthropologists make a difference?"* Wala pa akong masasabi dito kasi wala pa namang *anthropologist* doon sa amin na talagang matagal nang nakipagtrabaho sa amin. Yun lang, maraming salamat.

**Timuay Santos Unsad | Representative, 'Teduray Justice and Governance':** [Ang] mga problema na ikinakaharap ng aming komunidad sa ngayon: Una, walang NCIP sa amin, walang IPRA *['Indigenous Peoples' Rights Act of 1997']*. Marami sa inyo may mga NCIP ay galit na galit kayo sa NCIP! Sa amin, mahal namin yung NCIP [*!*], dahil wala nga yung NCIP, hindi na-implement yung IPRA. *Twenty years* na ang IPRA hindi naimplement sa amin. Pero simula noong 2014 nagdesisyon ng resolusyon yung komisyon *approving the delegation* doon sa aming lupaing ninuno na umaabot ng 207,000 hectares. Sa ngayon tapos na po yung sarbey [pagsukat ng lupa upang makagawa ng titulo ng *ancestral domain*]. Tapos na po *technical description* ng sarbey at naisubmit na sa *regional office* ng NCIP. Dahil inatasan yung *office* ng *NCIP Region 12* na i-*facilitate* yung sarbey. Pero, wala pong *single centavo* na nagasto ang pamahalaan sa sarbey dahil yung tumulong sa amin ay mga CSOs *[civil society organizations]*. Kasama yung Samdhana [The Samdhana Institute], LRC [*Legal Rights and Natural Resources Center]* sa mga *technical* at ang nagsarbey ay yung PAFID. Ibang gastusin doon ay nanggaling na sa amin mismo sa *community*.

Pangalawang *pressing issue* na ikinakaharap namin ay itong pagtatayo ng *Bangsamoro juridical entity* sa pamamagitan ng *Bangsamoro Basic Law*. Ito ay isang matinding ikinakaharap namin.

Pangatlo, mga aksyon ng mga *revolutionary forces*, partikular itong MILF [*Moro Islamic Liberation Front*]. Mahigit dalawang kampo ang ikinikilala lang ng ating pamahalaan na kampo ng MILF na nasa loob ng ating lupaing ninununo.

Tatlo ata yung kampo ng MILF na nasa sa aming lupaing ninununo at dalawa yung kampo ng MNLF *[Moro National Liberation Front]* na in-*establish* nila noon pa. Ito yung mga matinding ikinakaharap.

At pang-apat, yung pagpatay sa mga lider namin. Siguro kasama na ako doon sa may mga bantang dahil sa aming pakikibaka, yung aming *assertion* sa aming mga *rights* na makilala at mailagay sa mga batas, lalo na yung, BBL—yung *Bangsamoro Basic Law*.

Bago pa yung IPRA, since 1990, ang pag-*document* namin ng aming customary laws at nakumpleto noong 1995. Ipinatayo na yung structure ng aming *governance* wala pang NCIP, wala pang IPRA, ay na-*establish* na, na-'*structure*' na ang aming *governance*. "*Timuay justice* at *governance*", sa aming wikang ninuno ay: *Késéfanang-guwit Timuay*. At dahil may NCIP na (1997 may IPRA na), 2002 ay pormal na naming ipinakilala yung aming *governance system*. Twenty-two years na nong naitatag namin, na-*document* namin *formally* yung *governance system* na wala pa yung IPRA. Nag-*anniversary* kami noong *October* 4. Maraming mga CSO yung dumalo sa amin. Kasama namin sila. At siyempre yung pag-*delineate* namin sa aming lupaing ninuno katulad sa nasabi ko, isinubmit namin sa NCIP *for deliberation,* siguro kung maayos nila, i-*review* pa nila yung *technical description* ng aming lupaing ninuno.

Doon sa mga pagpatay, marami na kaming ginagawa. *Actually* nagsimula ang aming pakikibaka sa mga *legal* na pamamaraan pero, may mga '*metalegal*' din kung hindi na makaya sa legal.

Siyempre may mga taong tumutulong sa amin. May mga CSOs sa national level lalo na yung sa pakikibaka namin sa BBL. Nagtayo kami ng isang informal na samahan, tinatawag namin na "*Luyukan*", na tumutulong. Nagkikita kami sa Maynila sa panahon ng pag-*lobby* ng unang BBL. At may mga *anthropologists* palagay ko doon sa mga CSO na iyon. Babanggitin ko rin, nandito si "Dr. Gus" [Gatmaytan] at si Prof. Pons Bennagen. Sila yung tumutulong sa amin doon sa mga ibang gawain namin. Maraming mga *social scientists* na tumutulong sa amin, sa aming mga gawain lalo na itong pakikibaka namin sa BBL ngayon.

Siguro nasagot ko lahat ng mga katanungan. Magandang gabi sa inyong lahat!

**Datu Adolino Saway | Talaandig | :**

Magandang gabi po sa lahat. Lalo na yung mga *anthropologists* pauna si Ma'am [Erlinda] Burton na siyang nag-*invite* sa akin. Masaya ako kapag *anthropologists* ang kaharap ko dahil sa ibang klaseng tao sa mundo yung mga *anthropologist.*

Yung mga *anthropologist* lang mahilig makinig mga usaping kultura. *Parang ang atay ko lumalaki pagka mga anthropologists ang mga kaharap ko.*

Hindi ako *expert* ng Tagalog. Yun ang problema sa katutubo. Kahit eksperto ka sa tribo mo sa pag-ayos ng mga sigalot, halimbawa kahit anong klaseng sigarot kaya mo, pero dahil yung pananalita mo hindi naisalin sa lubos na pamamaraan, kailangang tumigil ka. '*Backjob*' ka talaga, '*back to zero*' ka. Kahit marunong kang gumamot ng iba-ibang uri ng sakit, dahil yung panggagamot mo hindi kasali sa '*development plan*', wala. *Back to zero* ka pa rin. 'Yun ang problema, number one, sa mga katutubo.

Yung una, *"What are the problems facing your community today?"* Siyempre mayroon tayong *IPRA law*, pero hindi masyadong na-*implement*. Dahil ang *IPRA law* ay isang batas na ginawa sa mambabatas sa bansang Pilipinas. At ang batas na 'yon ay gustong ipatupad yung sinabing 'kultura'. Siyempre, yung kultura 'man ay isang uri ng batas, batas pa rin yung kultura, 'yung *customary laws*. Papaano ipatupad sa IPRA yung batas na hindi naisulat, 'yung *customary laws*? Paano ninyo isulat?

Sa bansa natin, sa governor, lahat na '*verbal*' ay iligal kahit mayroon kayong kasunduan. "*O, ibenta mo 'yung lupa sa akin, bibilhin ko.*" Dahil walang papel, mga isang taon, bawiin ko yung lupa. *Wala naman kayong katibayan na ibinili mo sa akin yung lupa ko. Wala naman kayong ebidensya na nagtanggap ako ng pera.* Ilegal? Oo. Ang kultura namin ay iligal dahil '*verbal*'. Yung magkasakit ang tiyan, binulungan lang yan *tsch!* Pagkatapos gumaling agad, pero iligal!

O, halimbawa, sa Bukidnon, mayroon akong kasamang katutubo doon, si Bae Inatlawan[*], babaeng tahimik yan, may kapangyarihan yan. O, nagdasal kami. Sabi ng isang katutubo na nandiyan. "*Pakita natin sa kanila. Ipaulanin natin yan, para makita na mayroon tayong kapangyarihan. Ngayon, gawin natin ngayon.*" Nagalit ako sa kaniya. *Bakit ka nagsalita ng ganyan?! Hindi mo ba alam ang mangyayari ngayon?! Pagka-umulan ano ang mangyari? Alam mo ba?!* Halimbawa, sa Katoliko, pumunta sila sa simbahan. magdasal "*Panginoon, salamat na narinig po Ninyo ang mga pagdasal namin na ipaulan.*" Yung ibang mga simbahan din ganoon ang ginagawa. Walang kahit isa sa kanila nagsabi "*Ah, salamat sa mga katutubo nagdasal at pinakinggan sila ng Panginoon.*" Wala! O, siyempre ang buhay mo parang wala din. 'Di ba?

---

[*] Si Bae Inatlawan/Adelina Tarino ay babaylan ng tribung Bukidnon-Daraghuyan ng Mt. Kitanglad at ang *head-claimant* ng *Daraghuyan Ancestral Domain.* Ang CADT *application* ng tribu ay inaprubahan noong 2009 ng NCIP at ginawad ni Gobernador Jose Maria Zubiri sa ika-1 ng Setyembre 2014, sa okasyon ng selebrasyon ng sentenaryo ng probinsya ng Bukidnon.

Yung pagkatao mo sa isang grupo nakatali sa lupa— halimbawa ang paniwala mo nakatali sa lupa, nakatali sa ilog, nakatali sa bundok, nakatali sa kagubatan, sa hangin, sa araw, hanggang sa may kapangyarihang Panginoon… Kami maraming espiritu ang nalalaman namin. Mayroon espiritu na kapag tinawag mo, hihinto yung hangin. Mayroong espiritu kapag tinawag mo, yung ulan hihinto rin. …Pero wala kaming *witness*, *kami lang ang witness d'yan* sabi namin… So pagdating ng mga Español, nagkaroon ng *conversion* sa buhay ng isang katutubo. Doon nagsimula ang pagkamatay ng paniniwala.

…Ang kadalasang mangyari, … tinawag ka ng *meeting*, *seminar*, pirma *attendance*. Sabi ni Governor: "*We are here for peace*". Sa sanggunian, pagdating, pirma, *tulupong, koryong pulupong!* Upo ka don, paulit, paulit. Ganun ang nangyari, *for peace*, pagdating sa usapan, kailangan makinig ka, wag kang magsalita, wag kang maingay diyan, makinig ka muna. Kahit alam mo na ang solusyon, dahil katutubo ka, hindi ka *authorized*, *in terms of the* lupa, wala kang magawa. O, bago ka gawing kaibigan – kilalanin na 'mabuting kaibigan' – [dapat] pag propesyunal ka na rin, pag *businessman* ka na rin.… Pag ikaw ay ibang tao, libro. Pero ang miyembro sa tribo, marami na kailangan "i-*profile*"…

Sabi sa mga *army*, '*tinawag kayong mga pinuno ng katutubo dahil bawat apat na NPA* [na nahuli], tatlo ang miyembro ko sa tribo [tatlo ang IP]! Pero hindi ko miyembro, di siya miyembro sa pagkadatu ko. Miyembro rin siya sa katutubo. Pero dahil ang kapatid na Datu hiniwa-hiwalay, ngayon, nagkaiba-iba ang rasyon sa bawat pamilya. Pag nag-usap sa kanila, may *pride* na umiiral, nag-aaway-away sila. Pagdating naman sa mga hindi mabuting gawain, yung isa sugarol, ang isa mahilig sa alak, ang isa naman mahilig sa shabu, ang isa naman mahilig sa babae, ang isa naman magnanakaw, ang isa mamamatay tao. Iba-ibang uring kasamaan ang hinahatid sa pamilya.

Kailangan magkaroon ng *profiling.* Yan ang *central solution* para sa akin—*profiling of the whole biodiversity or ecosystem* at kasali na ang *all living things*, yung *total knowledge system* para mabuo rin yung kapangyarihan. Halimbawa ang isang gubat, *pharmacy* sa isang katutubo …Yung isang dagat, merkado rin sa isang katutubo; yung ilog, yung gubat (dahil maraming mga baboy-damo doon, mga daga, yung daga sa bundok, ay masarap 'yan). O pag magkaroon ng giyera, ang mananatiling maka-*survive*, yung katutubo, dahil mabubuhay sila sa daga, pero yung ibang klaseng tao, baka mamatay … Pagka walang pera na, puwede mabuhay [ang katutubo] kahit walang pera. 'Yung anak ko, kasama ko sa bundok, hindi kami nagdadala ng bigas, hindi kami nagdadala ng pagkain. Tingin dito sa akin, kailangan maghanap kami ng *honey* o kailangan manghuli kami ng daga o magpatay kami ng baboy-damo. Pero marunong na 'yung anak ko, hindi kami gutom, dahil mayroon siyang mga paraan, pag pupunta kami sa

walang tubig, yung kahoy na tinatawag na *ulayan*, pinutol, yung sanga at yung puno, may tubig na lumabas, makakainom ka na. 'Yung rattan, wala kaming kaliyo, yung panyo, binabalot yung bigas at yung rattan, e balot din 'yung ulo, at ang ibang dulo naman ang isusuong sa apoy. 'Yung tubig na kumukulo patungo sa dulo ng binabalot sa bigas. Matutuyo 'yan. Yung mga ina. Yung mga paraan, panahon ng krisis, marami akong natutunan. Halimbawa, ang isang ahas, papasok sa butas, mayroong isang kahoy na ilalagay mo lang doon, mga isang buwan, tingnan mo 'yung ahas patay, nabulok. Hindi s'ya *nagmata* [nagising], nakatulog. O kahit 'yung isang bahay, lagyan mo, pagkatapos pasukin mo, lahat tulog, patay sila lahat, patay sila lahat. O pero hindi ko dapat sinabi 'yun...

Marami akong gusto sabihin pero dahil sa Tagalog na pananalita— nasabi ko na. O, ayun ang problema. So sa tingin ko, sa *profiling*, wala nang ibang klaseng taong makatulong sa akin kundi ang mga *anthropologist…* Mayroon akong *450 questions* para ma-*profile* 'yung kailangang maisulat. Isa na 'yung anong klaseng mga ahas ang sumunod. 'Yung mga damo… So 'yun lang. Magandang araw! Masaya kayo dahil huminto na ako.

## TUGON NG MGA ANTROPOLOGO

**Augusto Gatmaytan | Propesor, Ateneo de Davao University :**
*I think* kung titingnan natin po 'yung apat na nagsalita, klaro po yung *commonalities*. *Three out of four: violence*. Binaril sa leeg, binaril sa tiyan. At *four out of four*: malaki pa rin ang isyu ng lupa, *resources*. Nakita pa rin yung lalim ng bigat n'ung halaga ng lupa at mga likas-yaman para sa mga katutubo. *Continuities* ang aking nakikita sa mga inilatag ng ating mga *speaker*. Pag nag-iisip-isip tayo minsan ngayon, parang napakaraming pagbabago. Ito, *EJK*, 'yung *drug war*, *etcetera*. Pero kung iisipin natin, *basically it's the same phenomena given a new face*.

Sa *poster* [ng kumperensya], [tingnan ang dalawang litrato sa likod ng isyu na ito] ang pinag-usapan natin itong sa pinaka-kanan, ano? [litrato ng tokhang] Ngayon, itong katabi ['Hustisya para kay Angis'] , actually kaibigan ko siya, Nicasio Precioso, pinatay ng *military*, *one of my respondents*. Ang punto ay kung ito yung bago, eto yung luma, ano ang diperensya ng dalawa? *It's just a new face*. *Drug war* ngayon ang hugis ng karahasan pero mga biktima pa rin – mga lider, mga sakop – na sumusubok na magpahayag ng kanilang mga posisyon, pahayag ng kanilang mga *baruganan* [prisipyo].

So ano ang puwedeng *response* natin bilang mga antropologo? Una siguro, 'yung ating pagpili ng ating *research*. Maraming uri ng *research*, pero maaari

sanang mas makakatugon doon sa mga lumalabas na mga isyu ngayon. Pag-usapan nati ang *violence* halimbawa. Marami na ang tumitingin sa *experience*, sa *phenomenology of violence* na dinaanan ng mga katutubo. Wala pang *anthropological study* ng mga community na dumaan ng *militarization*. Wala, 'no? *Very basic* para sa kanila, pero hindi pa natin 'yun natutugunan. So *it's one way*, tingin ko lang, na bigyan natin ng *priority* 'yung mga isyu ng katutubo sa pagpili natin ng ating mga *research problem*. 'Yun ang aking binabato sa inyo ngayong gabi.

Ang ikalawa, isa pang tanong na nailabas na rin ni Karl [Gaspar] kanina doon sa kaniyang *plenary talk*, ano ba ang *stand* natin? Sabi pa doon kanina sa isang session. *"Where to?"* Ano? *Who do we side with?* Saan ba tayo *as a group?* Siguro walang madaling sagot dito, kasi *by the nature* ng ating samahan, maraming kanya-kaniyang pag-*lantaw*, kanya-kaniyang ideyolohiya, kaniya-kaniyang *experiences*. (Kaya nga actually ang pag-*structure* ng *response* [dito sa *Pagtulang*] *is 'the elder' and 'the younger'*. Tingnan natin kung may diperensya ang aking pagbasa sa sitwasyon sa pagbasa ni Risa [Jopson].)

Siguro gusto ko na lang segundahan 'yung punto ni Karl kanina, at tulad ni Karl, wala siyang sagot 'no? Ang akin siguro, pag-isipan na nga natin. *Let's start the process. At least we can just start the process of reflecting*. Ano ba ang ating *response*? Kasi kung *continuity* nga ang nakikita natin (*assuming I'm right it's more the continuities rather than the changes or discontinuities) and our response in the past was to join the indigenous peoples in their struggles, that's why we have Mariflor [Parpan]. That is why we have Abe Padilla. That is why we have* Pons Bennagen *and* Lorena Barros. *All of them are anthropologists. All of them answered the call of their times.* Kung pareho ang sitwasyon noon sa sitwasyon ngayon, at ganoon ang *response* natin noon, bakit hindi tayo maka-*respond in the same way today?*

'Yun lang siguro ang aking *open-ended* na puntos base doon sa mga binahagi ng ating mga speaker. Salamat.

**Risa Jopson | PhD Candidate, The Australian National University :**
Hindi ko na uulitin 'yung mga nasabi na ni Gus. Gusto kong pagnilayan kung ano 'yung puwede nating tugon bilang mga *anthropologist* doon sa tatlong bagay: sa *consent*, sa *accountability*, at saka sa *reciprocity*.

Una, *consent*, ang nakita ko sa sinasabi kanina ay paano tayo maging *conscious* sa pagpasok natin sa mga komunidad, doon sa pulitika na nandoon? So hindi puwedeng basta-basta na lamang at hindi tayo nakikialam kasi kung minsan, meron tayong tendency na 'yung kultura 'yung lagi nating nakikita,

pero nakakalimot tayo doon sa pulitikal at 'yung pang-ekonomikong kaayusan. Pangalawa, kailangan din yung *conscious* tayo dun sa pangangailangan ng komunidad. Minsan, sila yung kailangan magsabi sa atin kung ano yung kailangan nila. Sa ilang mga *research* natin, minsan yung focus na laan sa mga tanong natin hindi nakabubuti sa pakikinig kung ano ang pinaka-kailangan nila, at hinihingi nila sa atin na tumugon nang higit pa o iba kaysa doon sa gusto natin makamit sa field. Pangatlo, baka pwedeng hingin natin sa kanila kung anong klaseng *consent* ang dapat nating abutin sa FPIC. *They can guide what the FPIC should contain.*

Sa *reciprocity*, mula sa peministang perspektiba, kinikilala na talaga may *power relations*. Mayroon tayong pribilehiyo bilang *anthropologists*, bilang mga nakapag-aral, at bilang mga maaaring umalis sa lugar kung saan tayo pumunta. Tignan natin kung ano pa yung kaya natin ibigay, na baka kaya i-*stretch* ang *reciprocity as far as possible*.

Panghuli sa *accountability.* Dahil mayroon tayong organisasyon, yung UGAT, baka pwedeng i-*take up* ng UGAT yung *ethical issues as well.* 'Di kaya pwedeng dumulog sa atin hindi lang yung mga katutubo, kundi yung mga lugar kung saan tayo nag-aaral. Hindi isumbong, pero baka pwedeng sabihan nila tayo kung may napapansin sila na hindi magandang *conduct* sa *field*,,, Baka pwedeng mayroon tayong ganoong *action as* UGAT. Bilang isang *community of scholars, how can we be accountable to each other? I-commit* na hindi natin papayagan na isa sa atin ay maging *unethical* ang *conduct* sa *field*? Yun po yung tatlong bagay na gusto kong pagnilayan.

At siguro panghuli, nabanggit ni Roman King na "*dapat maging mayabang*". Para sa akin yung *anthropologist* dapat maging mapagkumbaba para sa pagpasok sa ating komunidad, making, at makilahok nang may lakas. Salamat.

## *SYNTHESIS*

**Norman King | BA Social Sciences, UP Mindanao :**

Magandang gabi po sa inyong lahat. *Information overload*. Sa sobrang makahulugan ng usapan ngayong gabi ay hindi ko alam kung paano ko ia-*arrange* ang *synthesis*, pero *anyway*, konting buod po sa mga napag-usapan ngayong gabi:

Sa panig po ng aking ama, ay yung *character* doon sa *perspective* ng pinuno. Paano ba tayo dapat mamuno? Of course kailangan natin magsalita dahil kung 'di tayo magsasalita ay paano na ang mga kasama natin na hindi kayang sabihin yung mga nararamdaman nila. At kaakibat din po nito ay

dunong po. Ito ang sinasabi ni Datu [Saway] na may kaunting *dilemma*, minsan gusto nating magsalita pero mayroon paring *barrier* doon sa lenguwahe ng mga katutubo dahil mayroon pa ring *gap* sa mga taong kaharap natin, na hindi nila lubos maintindihan yung mga saloobin na gusto nating iparating sa kanila.

Na-*point out* din sa unang talakayan yung *lapses,* sabihin na nating 'problema', ng ilan sa mga pamunuan ng NCIP na nasa ibang rehiyon. *Although* sa ibang rehiyon naman ay natatanggap sila at malaki ang pasasalamat sa pamunan ng NCIP dahil malaking tulong din naman. *So, I think we have to consider* din naman na hindi lahat pare-pareho. May kanya-kanyang istilo ng pamumuno ang mga naluluklok sa mga ahensiya ng gobyerno, lalo na sa kagawaran na nagsusulong ng mga karapatan ng mga ninuno.

Na-*point out* din na *being a leader* ng isang Ayta o ng iba pang katutubo ng komunidad ay mas higit yung *responsibilities* na naka-atang sa atin, dahil una sa lahat kulang na kulang tayo sa *resources*, kulang na kulang tayo doon sa mga bagay na susustento sa ating kakayanan na mamuno sa ating mga nasasakupan. *So there's a big dilemma* na paano mo pa pamumunuan ang isang komunidad kung pati ikaw ay nagkukulang na sa inyong pamilya? Isa rin iyon na kailangan natin tignan. Doon sa mga nag-a*aspire* maging lider, kailangan mo sigurong ihanda yung sarili mo doon sa pamumuno— *to the extent* na mawawalan ka na ng panahon [para] sa pamilya, *to the extent* na pati ang buhay mo ay minsan uutangin ng iba.

Kay Ginang Luzminda Caga, makikita natin dito ang buhay ng isang - *although* hindi isang *formally* na "lider" – pero yung puso ng pagtulong sa komunidad, pagiging *volunteer*, nakita natin sa kanya na isinabuhay. Hindi lang ito basta isang salita na maririnig natin na *may definition*, ngunit ang isabuhay ito ay mas higit na *challenging*, lalo na sa mga katutubo sa bawat komunidad, na kung hindi natin gagawin ang mga bagay na kailangan nating gawin ay walang patutunguhan yung mga bagay o yung mga karapatan na gusto natin ipaglaban. Sa akin, tinamaan din ako… nasa *back of [my] mind* iyon, *somehow, at some point,* mamumuno rin ako. Pero iyon, *at least* ngayon mag-*start* ka na. Tanggapin mo lahat ng *consequences* na magiging kaakibat ng lahat ng iyan. *Volunteer. Aside from that,* nabanggit din niya yung ibang mga naitulong ng *local government,* lalo na ng NCIP, …. *So* kinakikitaan na ng kaunting progreso sa lugar.

At kay Timuay Unsad naman ay labis ang pasasalamat. Dahil *technically,* yung utak ko pumipitik kapag naririnig ko yung NCIP! *But then again, it's not necessarily [the] entire NCIP itself. You always consider* siguro *it's about* sa mga taong nakaluklok doon at namumuno. *It's either they have their own self-interests or* 'yan talaga ang uso sa isang pamunan ng ahensiya ng gobyerno.

Yung kanilang *struggle* ukol sa pagkakabuo o napipintong pagkabuo ng Bangsamoro Judicial Entity *pushes another pressing issue* sa kanila. Isang maganda ring tignan na, *prior in time* bago pa nabuo yung NCIP at bago pa nagkaroon ng Bangsamoro Islam, nabanggit din ang pagkakabuo nila ng kanilang *tribal justice system.* Bago pa nagkaroon ng pagsalamuha ang ating mga *researchers* [ay] mayroon na silang *intitative* na kumbaga ay buuin yung sariling *customary laws* na nababanggit kanina*. So…* inisyatibo ng bawat katutubong komunidad, na hindi lagi inaasa sa iba yung tulong. Na kung gugustuhin natin ng pagbabago sa sarili nating komunidad tignan na natin kung ano ang puwede nating gawin para sa ating komunidad.

Kay Datu Adolino Saway naman po nabanggit po niya yung masaya siya, lalo na kapag dumadating yung mga *anthropologists*, dahil sila yung mga nakikinig *and at the same time* sila yung matiyagang humaharap sa mga *indigenous* communities. Siguro ang isang medyo pumitik lang sa utak ko kanina ay yung nabanggit niya yung *profiling*. Parang gusto niya na maitulong ng *anthropological community or social sciences community* yung *profiling*. Pero parang nagco-*contradict* doon sa *experiences* ko sa *school.* Sa *school*, andami kong *readings* na nabasa na tungkol sa *profilings* na pinrofile yung mga *flora and fauna* sa lupa niya mismo, pero siya, bakit hindi niya naramdaman? Yun yung nais niya iparating, na bakit ito yung dating? Bakit hindi niya naramdaman yung mga pag-aaral o yung mga *research* ng mga nauna, kung sino man yung mga nagri-*research* na iyon. *So, somehow* yung *question* siguro [ay] gaanong *impact* sa *community* yung ginagawa ng mga *researcher* na tulad natin, anthropology man iyan o sa iba pang *research-based* na *studies.* Naramdaman ba nila tayo? Sa case nila Datu parang hindi nila naramdaman yung *impact*. Kaya yun yung masasabi niya.

Sa akin naman, bilang isang estudyante na katutubo *at the same time* ay may *background* ng *anthropology* na rin, medyo *impacting* sa akin itong *session* na ito. Kasi, unang-una sa lahat, naglalaro ako doon sa dalawang *field,* bilang isang katutubo *and at the same time* bilang isang *anthropologist-in-the-making*. *So, how will I begin my research* na magkakaroon ng *impact* sa *community?* Na ako ay nakikipagtulungan, gaano ba ako mag-iiwan ng epekto sa kanila? Na "*ang taong ito ay naging mabuti sa amin*", na "*ang taong ito ganito ang naitulong niya*." Gusto ko, parang ang *mission* ko, kapag narinig nila o nabanggit, parang "*Ah! Si ganito, ganito yung naitulong niya sa amin,*" hindi yung "*Ah! Si ganito, problema iyan!*" … Medyo hilaw pa sa ngayon kung saan ko ilalagay yung sarili ko, *but then again*, natutuwa ako na may *progress*, na nag-iisip na ako …kung papaano. *Kasi within your future,* kung ano man yung mga pinag-aralan na natin, yung mga *anthropologists* na nandito, kung ano man yung mga napag-aralan o naibahagi na natin sa mga tribal *communities* na pinupuntahan natin,

ang aani niyan yung mga bata, yung mga susunod na henerasyon ang aani ng lahat ng ginawa natin *sa community. So* kung naging mabuti man ang ating *research,* o kung ano man yung ikinasama nito, sila yung aani nitong lahat. *So,* yun lamang bilang paalala para sa iyo at para na rin sa akin, dahil ako nga rin ay tumutumbok sa ganoong larangan sa akademiya, ay para paalahanan ang ating sarili. Ayun lamang po, at maraming salamat.

## PAGTATAPOS

**Eizel Hilario:** Maraming salamat, Norman, at sa lahat ng nagsalita at nagbahagi sa *panel* na ito. At maraming maraming salamat po sa lahat ng dumalo. Sana po ay *achieve* na *achieve* po natin ang *goals* po ng ating *Pagtulang*, at may naitanim tayong *seeds of solidarity* ngayong gabing ito. Salamat po.

***Pagkilala at Pasasalamat***

Binuo nina Erlinda Burton, Lilian de la Peña, Augusto Gatmaytan, Maria Mangahas, Jessie Varquez Jr. at Annabelle Bonje ang disenyo ng Pagtulang at pag-imbita sa mga tagapagsalita, sa tulong nina Cynthia Neri Zayas, Ponciano Bennagen, at Easterluna Canoy. Lubos na pasasalamat sa Deutsche Gesellschaft fur Internationale Zusammenarbeit (GIZ) na nagbigay ng suporta upang makadalo ang mga tagapagsalita na katutubo sa Ika-39 na kumperensya ng Ugnayang Pang-Aghamtao na may temang "The Struggle for Rights: Anthropological Reflections on What Is, and, What Ought To Be", at ginanap sa Capitol University, Cagayan de Oro City noong Nobyembre 9-11, 2017. Pasasalamat din sa Capitol University para sa kinuhang video ng naganap na Pagtulang. Ang nag-transcribe nito ay sina Dana Lizette Tan, Phoebe Catalan, Isakiel S. Casuga, Bianca Isadora P. Germar, Efmar Jerald Caguimbal, at Jeremy Eli Orajay.

## APPENDISE: GLOSARYO NG MGA AKRONIM

***ADSDPP*** – *Ancestral Domain Sustainable Development and Protection Plan*

***B-WISER*** - *Philippines Biodiversity and Watersheds Improved for Stronger Economy and Ecosystem Resilience*

***BBL*** – *Bangsamoro Basic Law*

***CADT*** – *Certificate of Ancestral Domain Title*

***CRDP*** – *Community Royalty Development Plan*

***CSO** – Civil Society Organization*

***DepEd** – Department of Education*

***FPIC** – Free Prior and Informed Consent*

***IKSP** – Indigenous Knowledge Systems and Practices*

***IP** – Indigenous People*

***IPO** – Indigenous People's Organization*

***IPRA** – Indigenous Peoples' Rights Act of 1997*

***KIN** – Kitanglad Integrated NGOs*

***KINCRDMP** - Kitanglad Indigenous Natural and Cultural Documentation and Management Project*

***LRC** – Legal Rights and Natural Resources Center*

***LGU** – Local Government Unit*

***MILF** – Moro Islamic Liberation Front*

***MNLF** – Moro National Liberation Front*

***MoA** – Memorandum of Agreement*

***NCIP –** National Commission for Indigenous Peoples*

***NGO** – Non-government organization*

***NPA** – New People's Army*

***PAFID** – Philippine Association for Intercultural Development, Inc.*

***PO** – People's Organization*

**UGAT** – Ugnayang Pang-Aghamtao, Inc.

***UP** – University of the Philippines*

***USAID -** United States Agency for International Development*

---

***Tungkol sa mga nakipag-UGATan:***

*Si **Eizel Hilario** ay Board Member ng UGAT noong 2012 at UGAT President noong 2017-2018. Naging interesado siya sa antropolohiya nang unang lumahok sa UGAT conference sa La Trinidad, Benguet noong 1997. May MA siya sa Antropolohiya mula sa Unibersidad ng Pilipinas. Sa kasalukuyan, isa siya sa mga tagapagtaguyod ng panukalang batas para sa Indigenous and Community Conserved Areas (ICCA) at aktibo sa pag-lobby upang pormal na kilalanin ang papel ng mga katutubo sa pag-iingat at pag-aalaga sa kalikasan.*
Email: eizelhilario@gmail.com

*Si* ***Erlinda Burton*** *ay dating Presidente ng UGAT at kalahok sa maraming gawain ng asosasyon. Ikinalulungkot na pumanaw siya noong ika-11 ng Setyembre 2018. Mababasa ang ilang tala tungkol sa kanyang buhay at listahan ng kanyang propesyonal na mga likha at sulatin sa* Aghamtao (*2018*) *Vol.26:187-193.*

*Si* ***Roman King*** *ay Chairman ng Porac Ayta Ancestral Domain Federation Inc. Nagbibigay siya ng malaking suporta sa mga mag-aaral na kumukuha ng kurso ng UP Center for International Studies tungkol sa sakuna mula sa kalikasan (‘*Cultures of Disaster’*), at sa mga pananaliksik ng mga di-gradwadong mag-aaral ng UP Manila tungkol sa* Ethnobotany. *Nakapagsalita siya sa inorganisang* Beyer Talk *ng Departamento ng Antropolohiya sa UP Diliman tungkol sa "Tanghal Ayta? Ang Representasyon ng IP sa Panturistang Pagtatanghal" sa tulong ng UGAT noong 2016 (may paglalagom nito sa* Aghamtao, *Vol.26:181-185, 2018*).

*Si* ***Luzminda Jubason-Caga*** *ang unang Mamanua na nakapagtapos ng kolehiyo (BSE) sa St. Paul University Surigao. Nagpapatuloy siya ng programang gradwado sa edukasyon. Naging aktibo siya sa protesta laban sa pagmimina sa rehiyon ng Caraga. Si Dr. Erlinda Burton ang consultant nila sa isang* writeshop *tungkol sa* Mamanua Customary Law.

*Si* ***Timuay Santos Unsad*** *ay nagsalita bilang kinatawan ni Timuay Alim Bandara na nagbigay ng presentasyon tungkol sa* "Teduray Justice System*" sa kumperensya na* "Beyond Politics and Spectacle: Studies in Crime and Punishment" *noong ika-15-16 ng Marso 2017 sa* Philippine Social Science Center. *Ang presentasyon na ito ay inaabangan na ilalathala sa librong* Crime and Punishment Studies in the Philippines: Beyond Spectacle *(Filomen C. Gutierrez, patnugot). Mababasa sa ilang artikulo na lumabas sa dating isyu ng* Aghamtao *ang pagtalakay ni Ponciano Bennagen tungkol sa katutubong kaalaman at kakayahan ng mga Teduray Lambangian (2015, Vol.26:23-30) at sa kanilang mga pagkilos bilang mga katutubo na napapaloob sa rehiyon ng Bangsamoro (2018,Vol.24:142-164).*
Email: timuaygovernance@gmail.com

*Si* ***Datu "Makapukaw" Adolino Saway****, 72 taong gulang, ang panganay sa 18 na magkakapatid mula sa tatlong asawa ng yumaong Talaandig* Supreme Chieftain *na si Datu Kinulintang ng Lantapan, Bukidnon. Siya ang pangunahing mananaliksik sa unang-unang "*cultural profiling*" ng Mt. Kitanglad na binigyan ng suporta ng USAID sa* B-WISER *program nito (ang KINCRDMP, 2015-2018). Kasama niya dito sina Datu Dumapal at Bae Inatlawan ng tribung Bukidnon-Daraghuyan ng Malaybalay, at sina Datu Tinuosan at Datu Maagsub ng tribung Higaonon ng Impasugong. Ang kanilang mga anak at mga pamangkin ang nagsagawa ng pakikipanayam at* photo-documentation *sa tatlong grupo, sa*

*tulong at gabay (*mentorship*) ng Kitanglad Integrated NGOs (KIN) na pinamumunuan ni Easterluna Canoy, isang antropologo. Ang resulta ay ang librong* The Wisdom Keepers of Mt. Kitanglad (2018) *na may 200 pahina. at naglalaman ng mga* personal profile ng labing walong (18) "cultural experts", *mga kuwento o "nanengen" para sa mga kabataan, at iba pang kaalaman ugnay sa kosmolohiya, pagriritwal, mga makahulugan (o sagradong) pook sa* Mt. Kitanglad Range Natural Park, *at ang kalikasan dito. Dagdag pa, ang kapatid niyang si Datu "Migketay" Victorino Saway, na naging isa sa mga pang-unang* Comissioner *ng NCIP, ay nakapagtapos ng antropolohiya sa Silliman University.*

*Si* ***Augusto B. Gatmaytan*** *ay siyang convenor ng Ika-39 na kumperensya ng UGAT na may temang "The Struggle for Rights: Anthropological reflections on what is, and, what ought to be" noong 2017. Ang kanyang mga karanasan bilang* legal adviser *at* community organizer *para sa Religious of the Good Shepherd Tribal Filipino Ministry sa San Luis, Agusan del Sur ang nag-udyok sa kanya na magpakadalubhasa sa antropolohiya. Nakapagtapos siya ng BA sa* History *at* Political Science *sa De la Salle University, ng abogasiya mula sa Unibersidad ng Pilipinas, MA sa Antropolohiya sa Ateneo de Manila University, at doktorado sa Antropolohiya mula sa London School of Economics and Political Science. Bilang isang abogado ipinagtanggol niya ang* Indigenous Peoples' Right Act of 1997 *sa Pinakamataas na Hukuman. Sa kasalukuyan siya ay Direktor ng* Institute of Anthropology *sa* Ateneo de Davao University.
Email: habagat88@gmail.com

*Si* ***Risa Jopson*** *ay isang* PhD Candidate *sa* Department of Political and Social Change *ng* The Australian National University.
Email: teresa.jopson@anu.edu.au

*Si* ***Norman King*** *ay matagumpay na nagtapos ng kanyang* BA Social Sciences *sa UP Manila noong 2017 (unang Ayta na gradwado sa UP), at ngayon ay nagtuturo sa Pampanga State Agricultural University sa Magalang, Pampanga. Siya ay anak ni Roman King.*
Email: normanking88@gmail.com